Dead on the spot ang suspek na si Frankie Mark Serrano, nasa wastong edad at residente ng Phase 2 Block 2 Lot 11 Malagasang 2-G, Imus City Cavite dahil sa tama ng bala sa katawan. Sa ulat ni PSSgt Carlito Jimeno, ng Silang Municipal Police Station, dakong alas-6:30 ng gabi nang isilbi ng pinagsanib na puwersa ng mga operatiba ng Cavite CIDG at Silang MPS ang isang warrant of arrest (WOA) na inisyu ni Hon. Hilda Poblete Mendoza presiding judge of MTCC, Imus City, Cavite laban sa suspek dahil sa kasong Grave Threat subalit pumalag ito na nagesulta sa kanyang

kamatayan.

Bago isinilbi ang WOA sa suspek, nabatid ng awtoridad na umupa ito ng isang apartment sa Purok 1 Brgy Santol, Silang Cavite kasama ang kanyang live-in partner at ginagamit ang pangalan na alias Paul.

Nabatid sa record na ang suspek ay leader ng Serrano Crime Group na responsable sa serye ng car-napping, robbey hold-up, gunrunning at gun-for-hire sa buong Cavite.

Si Serrano din ang sinasabing suspek sa isang nag-viral na video ng isang vehicular rampage sa Nagtahan, Manila nitong may 20, 2019.

Narekober sa suspek ang 2 raffle grenade, 1 hand grenade, isang calibre 38 na baril bala ng calibre 9mm at basyo ng 5.56. **GENE ADSUARA**

Albayalde OKs reshuffle of 5 key officials

MANILA -- Five senior officials were included in the latest round of reorganization in the Philippine National Police (PNP) which takes effect Thursday (August 15).

PNP chief, Gen. Oscar Albayalde approved the new designations upon the recommendation of the PNP Senior Officers Placement and Promotion Board.

Brig. Gen. Reynaldo Biay, former director of the Civil Security Group (CSG), was named the new head of Directorate for Research and Development.

Biay was replaced by Brig. Gen. Roberto Fajardo, former head of the PNP Highway Patrol Group (HPG).

Brig. Gen. Eliseo Cruz, Southern Police District (SPD) director, has been designated as HPG acting director, while Eastern Police District (EPD) director Brig. Gen. Nolasco Bathan replaced Cruz as SPD director. Brig. Gen. Johnson Almazan will be the district director of EPD. He was formerly assigned as acting executive officer of Directorate for Integrated Police Operations (DIPO)-Visayas.

Meanwhile, Col. Alexander Sampaga was named the new acting executive officer of DIPO-Visayas.

Also on Thursday, the National Capital Region Police Office (NCRPO) confirmed a reshuffle of the chiefs of police (COPs) of the cities of Pasig and Mandaluyong. NCRPO chief, Maj. Gen. Guillermo Eleazar said Col. Moises Villaceran will be the acting Pasig City chief of police (COP), replacing

Col. Rizalito Gapas who is expected to be assigned as a provincial director.

Replacing Villaceran as the acting chief of police of Mandaluyong City is Col. Remigio Sedanto.

"For the COPs, the one in Pasig is set to be promoted as a provincial director. The one in Mandaluyong has served for almost two years so we will transfer him to Pasig. He is good. It's needed for command guidance. Also included are the district directors in SPD and EPD, its normal career move," Eleazar told Philippine News Agency (PNA) when sought for a comment.

Villaceran, meanwhile, said he is honored to be COP of Pasig, stressing that he will focus on battling crimes against property in his new post.

"Generally, it's a career move. It's a challenge to you to prove your worth and it's an honor to be given a big area of responsibility. I've been in Mandaluyong for one year and 10 months. The problem in Pasig is primarily crime against property, akyat-bahay, robbery holdup, riding-in-tandem and motorcycle theft. We will focus on that and second, the illegal drugs campaign of the national government," Villaceran told reporters at the 45th EPD anniversary program on Thursday.

Villaceran is set to make a courtesy call on Pasig Mayor Vico Sotto this week. **(PNA)**

Namamatay na preso sa Cavite, nasa 27 na

UMABOT na sa 27 preso ang naitalang namatay matapos na isa pang preso ang nalagutan ng hininga habang nakakulong sa Dasmaringas City Custodial Center.

Sa ulat ni Corporal Aaron John Golo, ng Dasmaringas City Police Station, dakong alas-8:15 noong July 24, 2019 nang isugod sa Pagamutan ng Dasmaringas City si Eduardo Garcia Sr., may-asawa ng Block 19 Lot 17 Brgy St. Peter 2 Dasmaringas City, Cavite matapos nakaramdam ng hirap sa paghinga, gayunman, dakong alas-10:30 ng

gabi kamakailan nang ideklara itong patay ng mga doktor.

Si Garcia ay nakulong noong February 15, 2019 matapos itong arestuhin sa Brgy St. Peter 2, Dasmaringas City, sa bisa ang warrant of arrest dahil sa kasong murder.

Si Garcia ang naitalang pang-27 sa bilang ng mga namamatay na preso mula Enero 2019 kung saan nanguna pa rin ang Dasmaringas City Custodial Center na may 15; 5 naman sa Imus City Custodial Center; 4 sa Bacoor City Custodial Center at 2 sa Gen. Trias City Custodial Center. **GENE ADSUARA**



KINAUGALIAN

na ang pag-Zumba tuwing araw ng Sabado 9:00 ng umaga sa harap ng Barangay Hall. Ito ay maganda sa katawan bilang ehersisyo lalo na sa mga may edad. Matapos ang Zumba ay masayang nagpakuha ng larawan ang grupo ng kababahian ng Baclaran sa pamunuan ni Ate Belen Saide at ang Fitness Instructor na si Zin Rex Solis. Ang Zumba ay isa sa mga proyekto ni Barangay Captain Jun Zaide. **JIMMY HAO**



TULOY ang pagsagawa ng kampanya laban sa anti-illegal drugs sa Baclaran sa lungsod ng Paranaque. Ang suspek na si Fernando Ibanez ay nahulihan ng 3 pirasong heat sealed transparent plastic sachet containing white crystalline substance suspected to be shabu sa Aguerra St., Baclaran, Paranaque City. Iniimbestigahan at isinagawa ang inventory ni PCPL Isidro Madriaga, Jr., Seizing Officer, sa pamumuno ni P/Major Jolly Soriano PCP-1 Commander. **(JIMMY HAO)**

HIMALA, NATAMASA NG BATA SA YAKAP NG LOLA

HIMALANG sugat lamang ang tinamo ng anim na katao kabilang ang driver habang walang galos ang isang 3-anyos na batang babae na umano'y niyakap ng kanyang lola nang nagpaikut-ikot at mayupi ang sinasakyan nilang multicab matapos na banggain ng isang kotse sa Bacoor City, Cavite.

Ginamot sa St. Dominic Medical Center ang mga biktimgang sina Joseph delos Santos, 28, driver ng multicab, ng Block 3 Lot 5 Phase 5 Sec. 14A Brooke Side lane, San Francisco,

General Trias, Cavite; Miriam Cababag, 39, may-asawa, ng Block 3 Lot 5 Phase 5 Sec. 14A Brooke Side lane, San Francisco, General Trias; Remedios Landicho, 52, may-asawa, ng Block 51 Lot 50 Villa Vista, Subdivision, Brgy. Santiago, General Trias; Eden delos Santos, 29, dalaga, ng Block 51 Lot 50 Villa Vista, Subdivision, Brgy. Santiago, General Trias; Eden Rose Delina, 23, may-asawa, ng Block 51 Lot 50 Villa Vista, Subdivision, Brgy. Santiago, General Trias; at Sofia Joy Delina.

Sa ulat ni PSSgt Edison Fetalcurin, ng Bacoor City Police Station, dakong alas-12:30 ng tanghali nang naganap ang insidente sa CAVITEX Road sakop ng Longos, Brgy. Digman, Bacoor City kung saan kapwa binabagtas ng dalawang driver ang kaha-baan ng CAVITEX Road sa direksiyon ng North bound patungong Baclaran, si Delos Santos ay minamaneho ang isang Suzuki Rebuilt Multicab sakay ang kanyang 5 pasahero habang si Mendez ay minamaneho ang isang kulay extreme black na Toyota Fortuner na may plakang ZEL 479.

Tinangka ni Mendez na mag-overtake sa isang sasakyan at pagpihit nito sa normal na direksiyon ay nabangga nito ang likurang bahagi ng multicab dahilan upang mawalan ng kontrol ang manibela at umikut-ikot hanggang sa tumama sa isang railing na bakal na nagresulta sa pagkaka-sugat ng kanyang mga pasahero.

Sa kabila na total wrecked ang multicab, himalang puro sugat lamang ang tinamo ng mga biktima kabilang ang batang babae bagama't isa sa mga babaeng pasahero ay nakacofine.

"Halos walang kagalusgalos galos ang bata kasi niyakap siya ng kanyang lola," ayon kay Fetalcurin. Reckless Imprudence Resulting in Multiple Serious Physical Injuries and Damaged to Property ang kasong kinakaharap ng driver ng Toyota Fortuner. **GENE ADSUARA**

Germany needs 350 nurses: POEA

CEBU CITY -- The International Placement Service of the German Federal Employment Agency is in urgent need of 350 nurses, chief of the Philippine Overseas Employment Agency (POEA) Regional Center for Visayas Glenda Aligonza said Wednesday. Aligonza said the nurses needed in Germany are for intensive care, geriatric/elderly care, general ward, medical and surgery ward, operating room, and neurology, orthopedics and related fields.

CALAMBA CITY, Laguna (PIA) – To ensure that rights of private employees to protection is upheld, the Social Security System (SSS) San Pablo City (SPC) Branch led the Run After Contributions Evaders (RACE) in the city of San Pablo on July 30, 2019.

The RACE Team composed of SSS SPC staff, Corporate Legal Department lawyers, and select South Luzon 1 Branch Heads, joined by SSS South Luzon 1 and 2 Vice President Elenita S. Samblero visited one non-compliant bakery, one pharmacy, three stores and one school in the area.

RACE Team Head Atty. Vic Fernandez, together with the members, explained the situation to the owners and managers of the companies giving them 15 days to comply.

They advised them to avail of the Contribution Penalty Condonation (CPC) Program that started last March 5 and will run only until September 6, 2019.

Fernandez said that once they avail of the program, their penalty for not paying contributions to SSS will be waved.

Also, the team issued a Show Cause Order and posted a notice poster in each of the respective establishment.

The order will "subject the violator to criminal prosecution and upon conviction, a penalty of up to 12 years imprisonment without the benefit of probation."

"Kahit isa lang ang empleyado basta may employer-employee relationship dapat po ipagbayad natin (ng mga employers)

sa SSS," VP Samblero emphasized.

(Employers should pay for the SSS of their employees even if they only have just one employee.)

She encouraged all the employers not only of companies but even the household employers to take advantage of the ongoing condonation program to wave their penalties.

On the other hand, Atty. Fernandez explained, "Ang pamunuan ng SSS ay nagbigay ng direktiba sa amin na ipagpapatuloy naming ito hanggang sa susunod

na taon."

(SSS officials gave a directive to continue this program until next year)

The plan is for each of the 19 divisions of SSS in the whole country to have a total of five RACE operations.

"Kung matutuloy po iyong plano na iyon na ibinigay sa amin ay magkakaroon ng mga 95 na RACE operations by next year (A total of 95 RACE operations is expected to be implemented by next year if this plan will be realized)," he stated. **(Joy Gabrido/PIA4A)**



REAL GOLD VS BOSS EMONG

Tiyak na umaatikabo ang magiging bakbakan sa muling paghaharap ng dalawang kampeon na sina Boss Emong at Real Gold sa paglarga ng 3rd Leg ng Triple Crown na gaganapin sa bakuran ng Metro Turf sa Malvar, Batangas. Matatandaang si Real Gold ang nakasungkit sa 1st Leg at ang kabayong si Boss Emong naman ang nagtagumpay sa 2nd Leg. Muli silang maghaharap kabilang ang mga katunggaling kabayo na patuloy na nagbabanta sa titulo ng ikatlong jewel ng Triple Crown. Hindi nakatitiyak ng panalo ang dalawang kampeon dahil nagbabalik si My Jopay na 2nd Hopeful Stakes Race winner sa Saddle and Clubs Leisure Park, Naic, Cavite noong Hunyo 23, 2019. Inaasahan na magiging mahigpit ang labanan na puwedeng maganap sa ikatlong yugto sa pagitan ng mga kalahok. Binigo ng kabayong si Boss Emong na pag-aari ni Edward Diokno ang 1st Leg winner na si Real Gold para hindi na nito maulit ang pamamayagpag sa unang yugto. Ilalarga ang 3rd Leg sa mahabang distansiyang 2,000 meters at kabilang sa mga kalahok ang Shanghai Noon, Toy For The Bigboy at Jayz. Sa hopeful Stakes Race ay makikita pa rin ang mga kalahok na sina Two Timer, The Accountant at JLO. Tatanggap ang may-ari ng kabayong magwawagi ng P1.8 milyon, P675,000 para sa 2nd place, P225,000 sa 3rd place at P150,000 para naman sa 4th place. Good luck!

"Those who have already undergone German language training have a greater chance for employment in Germany," the Bacolod City native said in Tagalog.

The employer will pay for the visa and airfare of successful candidates, who will have a starting monthly salary of 2,000 euros.

The employer will also assist the qualified nurses in finding a suitable accom-

modation for them in Germany.

Applicants are advised that nursing homes in Germany are inpatient facilities, where geriatric nurses deal with elderly people with various health conditions. Aligonza assumed the top POEA-Visayas post last June after former regional chief Evelia Durato retired from government service. **(PNA)**

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES FOURTH JUDICIAL REGION REGIONAL TRIAL COURT BRANCH 15 NAIC, CAVITE

IN THE MATTER OF CHANGE OF SURNAME IN THE MARRIAGE CONTRACT IN THE LOCAL CIVIL REGISTRY

ELMA O. OGNES also known as
ELMA FERRER,

Petitioner.

-versus-

SP.PROC. NO. NC-2019-16

**THE LOCAL CIVIL REGISTRAR OF NAIC,
CAVITE,**

Respondent.

x-----x

ORDER

Before this Court is a Petition filed by **ELMA P. OGNES** also known as **ELMA FERRER** through her counsel, Atty. Manuelito C. Diosomito, respectfully praying that after notice, publication and hearing, an Order/Decision be issued ordering the Local Civil Registry of Naic, Cavite to change the surname of petitioner in her Marriage Contract under Register No. 155 (G-74) from **FERRER** to **OGNES**.

Finding the petition to be sufficient in form of substance, the hearing of this Petition is hereby set on **September 18, 2019 at 1:00** in the afternoon.

Any interest person who wishes to comment and/or oppose the petition may come to this Court on the date, time and place herein above-indicated and show cause why the petition should not be granted.

Let copy of this Order be published once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the Province of Cavite.

Furnished copy of this Order together with copy of the petition to the office of the Solicitor General.

Provide copy of this Order to parties and petitioner's counsel for their compliance and notice requiring their presence on the above-mentioned date and time.

SO ORDERED.

Naic, Cavite, **July 25, 2019**

LERIO C. CASTIGADOR
Judge

Publication: HANEP August 5, 12 and 19, 2019



AKMANG EDAD, NATUPAD PARA KAY SOLENN HEUSAFF



KUNG matatandaan, last year ay mayroong nabanggit ang Fil-French actress/model na si Solenn Heusaff.

Bago tumuntong na 37 ang edad ay wish ni Solenn na lumobo na ang kanyang tiyan.

Yes, kung magbubuntis rin lang naman ay hangad niyang before the age of 37.

Mukhang ang akmang edad para sa pagdadalan-tao ay natupad para sa kanya.

Buntis si Solenn now kaya naman kaliwa't kanan ang pagbati sa kanya.

First baby ito ni Solenn sa kanyang Argen-

tinian businessman husband.

Remember, tatlong taon na ang nakakaraan nang ikasal si Solenn kay Nico Bolzico at ang pag-iisang dibdib ay ginanap sa France.

Alam natin na maraming girls na nagtarget din ng right age para sa kanilang pagbubuntis.

Kagaya ni Solenn na minsan na niyang nasabi dati na bago ang kanyang 37 na edad ay nais niyang magkabeybi na.

Sa ngayon ay 34-anyos na si Solenn at magkaedad sila ng kanyang mister.

Akmang-akma lamang, 34-anyos as of now so



IISA... SA PANULAT NI KUYA ARMAN IKAW AT AKO

(Ika-22 labas)

“**ANO’NG** masabaw ang pinagsasa-sabi mo ha?” Hindi alam ni Bernie kung tatawa ba siya o hindi sa pagtatanong sa kanya ni Cecile.

Iba kasi ang ibig sabihin o pakuhulugan ni Bernie sa kanyang nasambit na masabaw.

“Ang sabi ko ay tamang-tama ang ulam ngayon at masabaw. Kailangan natin ng ulam na masabaw.”

Nagpalusot na lamang si Bernie na kung tutuusin ay ang katagang masabaw ay para talaga kay Cecile.

“Ang sarap, grabe ang sarap ng nilaga mo. Mahusay ka palang magluto.”

Hindi pambobola bagkus ay tunay na nasasarapan si Bernie sa nilutong nilaga ni Cecile.

Ganadung-ganado sa pagkain si Bernie at hindi alintana ang init sa paghigop ng sabaw.

Natutuwanaman si Cecile dahil pinapahalagahan ni Bernie ang kanyang niluto.

“Sige at kumain ka lang nang kumain pero alalay lang ha at ‘wag sobrang

magpakabusog, baka maimpatso.”

Nakatapos sa pagkain subalit matagal bago nakakilos si Bernie sa grabeng busog.

“Ako na, ako na ang magliligipit maghuhugas. Ikaw na nga ang nagluto eh.”

Hindi pa sana titindig si Bernie kaya lang ay sinisimulan na ni Cecile na magligpit.

Nakaramdam din ng pagkahiya si Bernie kaya siya na ang nagligpit at naghugas ng mga pinagkainan.

“Isang sasakyan na lamang tayo, ‘yung ginagamit mo ang gagamitin natin.”

Papaalis na sila nang sabihin ni Cecile na si Bernie ang magmamaneho dahil isang kotse lang ang gagamitin nila.

Hindi naman nagtanong si Bernie kay Cecile kung saan sila pupunta.

Sa halip ay nagtungo sa sasakyang ginagamit niya at inihanda na iyon.

“Yeesss...sa wakas... yes!”

(Sundan)

before the age of 37 ay mother na siya.

Binabati namin kay-ong mag-asawa.

@@@

DIGONG, GUEST OF HONOR NI MARIEL?

Kung si Solenn ay 34



“TANIM SA TIYAN” NOBELA NI ATE JOSIE

(14)

PAGKATAPOS kumain ay nagpahangin sa labas ang magkaibigang magkaeskuwela.

“Nasisiraan ka na ba? Ano naman ang pumasok d’yan sa utak mo?”

Nagkakuwentuhan ang dalawa at hindi inasahan ni Allan ang maririnig mula kay Alex.

“Tama ang narinig mo, uuwi ako ng probinsiya at ‘di ako kukuha ng vocational course.”

Maglalayas si Alex at ang pera ay gagamitin niyang pamasaha pauwi sa probinsiya sa kanilang mga kamag-anak.

“Basta ‘wag ka ng magtanong pa, buo na ang pasya ko at sa susunod na araw ay aalis na ako.”

Huwag na raw magtanong pa pero sige pa rin sa pagtatanong si Allan kaya nga lamang ay hindi naman siya sinasagot ng maayos ni Alex.

“Ganito na lang, kung gusto mo ay sumama ka sa akin doon sa probinsiya namin.”

“Ang sabi mo, ‘di ka pa nakakapagpasya kung anong course ang

kukunin mo.” “Isa pa eh ‘di mo pa rin alam kung magka-college ka nga ba at ‘san ka papasok.”

“Kaya ang mabuti pa ay sumama ka na lang sa akin para ‘pag nasa probinsiya ka na eh makapag-isip ka.”

“Ang pamasaha eh ‘di mo naman poproblemahin kasi alam ko na may pera ka naman.”

“Ano? ‘Wag ng mag-isip-isip pa, magpasya ka na at sumama ka na lang sa akin.”

“Baka akala mo ay nagbibiro ako, aalis talaga ako at pupunta ng probinsiya.”

Nakaalis na si Allan kina Alex at habang naglalakad papauwi ay sobra ang kanyang pag-iisip.

Nang makauwi ng bahay ay direktso si Allan sa kanyang kuwarto.

Binuksan ang aparador at tiningnan ang lalagyan ng savings o pera niya.

May sapat siyang pera at ibang mga gamit kung sasama kay Alex sa probinsiya.

“Ayoko...ayoko...”

(Itutuloy)

years old, si Mariel Rodriguez-Padilla naman ay nagselebra kamakailan ng kanyang ika-35 kaarawan.

Take note, mistulang guest of honor si Pangulong Rodrigo Duterte

sa birthday celebration ni Mariel na idinaos sa isang magarang hotel sa Makati City.

Kita sa mga pictures ang masayang bonding ni President Duterte sa birthday celebrant and of course kasama ang mister nitong si Robin Padilla.

Si Robin, na tinaguriang ‘Bad Boy’ ng pelikulang Pilipino, ay alam naman ng lahat na tagasuporta ni Tatay Digong.

Very inspiring and touching ang ibinigay na short birthday message ng Pangulo kay Mariel.

Namataan din sa selebrasyon sina Philip Salvador at Basilan Rep. Mujiv Hataman.

Huli man daw at magaling ay maihabol pa rin, maligayang kaarawan Mariel.

WORD SEARCH

BARN GREY CRESTED
 BAY HAWK MARSH
 MANED SNOWY MASKED
 ELF LITTLE JAMAICAN

W R E F N A C I A M A J B L R
 L A L T B W G S G W A H E A U
 M E C E O L N D D R O P L N Y
 A J B G C O E E U R E A I T D
 D A E U W D T D N R D Y T I D
 A M H Y R S E E T E T S T R E
 G A A C E R D K R R N T L C L
 A I D R E L O A S L E O E U C
 S V C K A E E W C A A E R C A
 C G S C A G R R I C M G N K T
 A H M A N K D C O N D U N O C
 R A A O N O E S S P G R A O E
 H R L W S B N H S R A M E C P
 A C C O K D A G E B S H H O S
 A S P S U E M Y E M O T T L E

ACCEPT BAGGAGE BELLOW CHANNEL
 COPPER FEED FILLING GOOSE
 PUDDING RABBIT VACUUM VILLAGE

E F A L U B E G A L L I V L J
 W I R A P R A B B I T S C J A
 K L A M E N E C C M R E D L C
 Z L C E I E L O C S K J P E K
 D I E B C N P S K E A A I N K
 F N P N U P N R E B P L H N N
 A G A P E N A O B S G T S A I
 M D B R E V O E W N O U L H F
 U D B E D R R O I N M O D C E
 U A D R L A E D C M T E G O T
 C P A Y T L D T E C E L A R S
 A A U O R U O R N F A S I P T
 V C R U P R T W I U E R O L R
 S E Y H P S U C E G A G G A B
 A N E E L D D H W R A M E W C

Sagot sa nakaraan:

S A G O T S A N A K A A N
 F O O S A K A C T Y L
 A R G V C K F A O T I H E
 Y E A D H C R K U O J U X P
 O T H S U E R K N T M K O
 I C O N S I N O G I N O C
 S A S A U O K Y A E L T T O
 N O C C E I P T E L T E O R O O
 C P L T O I L E O P A I O T I
 S E Y I O F A E I O T R E
 C H T I O T R E T E P E U
 H O O M S E P A N U S T M A
 C I N K U M I N G T L A E N K
 A M I R A Z R E T L R Y K Y

S R A N G I R S M O E S K P O
 P A L T O C E N E M H E P E R
 T R A S S A C I F C A E R E
 N S D O Q T C A C C U A T A C
 T A T E A U C O T O H Q I L
 H O A U N V O E F C O R A I
 E I N E T E S N O Z E J I N
 A R D E R A I N T R E I E
 Q U E N S E E P E R S E A R
 S E P L A I N S T O R N P O S
 C O R C A O T S E O R M E R
 A L E X N A S A V A T A F E
 K O R R K F O O L O I A E
 C H O T O M P P A G L L O Y
 E U R E A U C A O U S A N O C

CROSSWORD PUZZLE GAMES




PAHALANG

- 1 Kinuha ng mga naging abugado
- 4 Pinagtutulungan
- 10 May pakana ng lahat
- 11 Hindi sanay sa paggawa
- 12 Bawal
- 13 Mr. Ranillo III
- 14 Tarzan ng RP
- 15 Maaring ipasuso sa sanggol
- 16 Ilagay sa ibang bote
- 18 Litro: daglat
- 20 Husto
- 22 Palayaw ni Ligaya
- 23 Balat
- 26 Washington: daglat
- 27 51 sa Roman numeral
- 28 Tawag sa guro
- 31 Kaibigan
- 33 Siyudad sa Japan
- 34 ___ carte
- 35 Kasintahan
- 36 Kahol ng aso

PABABA

- 1 Nangyari
- 2 Bigay ng yaya sa sanggol
- 3 Nagwagi: Ingles
- 4 Nahirati
- 5 Arts and Sciences
- 6 Ex-Mayor Fred
- 7 Habag
- 8 Anak ni Nora
- 9 Kasangkapan
- 17 Uno
- 18 Uri ng saging
- 19 Negrito
- 21 Ibinayad kay Judas
- 22 Lunas
- 24 Gunita
- 25 Kulay ni Cory
- 29 Taulava sa PBA
- 30 Krokis
- 31 Tunog ng sampal
- 33 Ikaw



PAHALANG

- 1 Ginagawa ng mag-asawa 'pag gabi
- 5 Pananong ng petsa
- 11 Nagagawa ng yeast sa masa ng tinapay
- 12 Dalampasigan
- 13 Hello
- 14 Associated Press
- 16 Overacting
- 17 Armando Goyena
- 18 Ilagay sa lupa ang mga buto
- 21 Yari
- 23 Tinapay
- 24 Libro
- 26 Sobrang oras sa pagtatrabaho
- 27 Lugar ng ati-atihan
- 28 Katumbas ng 3.1416
- 30 Ituktok
- 31 Bulalas ng lasing
- 32 Uri ng isda sa lata
- 34 Awitin
- 36 Ingay ng bibe
- 37 Pantukoy
- 39 Simbolo ng S odium
- 40 Jet na banyagang aktor
- 41 Instrumentong musikal
- 44 Tangkad
- 46 Itakas
- 47 Torpe

PABABA

- 1 Nadikitan ng kamay sa hita
- 2 Ilagay sa ibang lugar
- 3 Ang plural ay are
- 4 Liit ng timbang
- 5 Kris Aquino
- 6 Anak ng anak
- 7 Iwasan
- 8 Los Angeles
- 9 Hindi makumbinsi
- 10 Lungsod sa Bicol
- 15 Long playing o 45
- 19 United Nations
- 20 Welga
- 22 Pati
- 25 Kamandag
- 27 Manduhan
- 28 Igtad
- 29 Ala-una
- 30 Sunod sa aso
- 31 Bulalas ng namangha
- 32 Balabal
- 33 Lilok
- 35 Produkto ng niyog
- 38 Nanay
- 42 Yes: pabalbal
- 43 Sindi ng ilaw
- 45 Hulapi

Sagot sa nakaraan:

I B A L I T A A L A
 T A G I L I D T O M
 A T M A T M I I
 L A G I L A S
 A S I N K A L A S
 G A T A S S A N L A
 A N M I T S I I L
 L A M A T M A
 S I N B A A U M
 B A G L A M P A R A
 A M O I N A A W A T

B U L A G A I B A Y
 I R A S A N N U N O
 N I I N A A T O Y
 A R I A B U R I D O
 T A B A U N A
 A T A R I O R A N I
 A P A O K A Y
 A L A M A N G A M A
 L A N I A L U N A N
 A S A N L A L A G I
 M A N A A B A T A N

SUDOKU

	7		8				5	
4		5			6	7		2
	9		2					1
3								9
		8	3		4	1		
2					9			7
	8						7	
7	3	6				5		8
	1		2				3	

	6		3	2				1
8		3			1			9
			8					6
	8	4			3			5
9				5				3
1			7			6		
	1				7			
3			9			7		4
	5			6	2			3

Sagot sa nakaraan:

1	6	5	7	8	3	9	4	2
3	8	2	1	4	9	7	6	5
4	9	7	5	2	6	8	3	1
6	2	8	3	5	4	1	9	7
7	4	9	2	6	1	3	5	8
5	1	3	8	9	7	4	2	6
9	3	1	6	7	5	2	8	4
2	7	6	4	3	8	5	1	9
8	5	4	9	1	2	6	7	3

4	6	9	3	2	8	1	5	7
2	1	5	6	4	7	3	8	9
7	3	8	5	9	1	2	6	4
3	4	1	2	5	9	6	7	8
8	7	6	1	3	4	9	2	5
9	5	2	8	7	6	4	3	1
6	8	4	7	1	2	5	9	3
1	2	3	9	8	5	7	4	6
5	9	7	4	6	3	8	1	2

Bagong Pinoy Fide Chess Master mula Tanauan City, Batangas

Ang eleven-year-old na si Gladimir Chester "Rocky" Falconit Romero ng Tanauan City, Batangas ang pinakabagong Filipino Fide chess master ng bansa sa katatapos na 4th Eastern Asia Youth Chess Championship na ginanap sa Asia Hotel sa Bangkok, Thailand nitong Biyernes.

Si Romero na grade six pupil ng Mabini Educational Institution, Brgy. Talaga, Tanauan City ay giniba si Handaru Juan Izz Linardhi ng Indonesia sa ninth at final round tungo sa total 7.5 points para makopo ang gold sa open 12-under category ng standard competition.

"Congratulations on your well-deserve victory FM Gladimir Chester Romero. Out of 31 participants from 12 countries you emerged as the champion in the open under 12 category of the 4th Eastern Asia Youth Chess Championship in Bangkok, Thailand thus earning the FM (fide master) title award." sabi ni Gladys Hazelle na dating stalwart ng Grandmaster Jayson Gonzales Far Eastern University chess team.

"Representing the country is more than enough, but you showed us your dedication and will to win that is truly remarkable as a Pilipino. This is the beginning of your journey as the country's newest Fide Master. Continue to strive more. Keep fighting and work for your dreams and most of all, have faith in the Lord. Thank you for making us all proud." ani pa Gladys Hazelle.

Bukod kay Gladimir Chester ay nakamit din ni Ruelle "Tawing" Canino (G-12) ng Cagayan de Oro City ang Woman Fide Master title matapos siyang magkampeon sa kanyang dibisyon.

Ang Fide Master title ay sumunod sa International at Grand Master ranks at makokopo sa FIDE (World Chess Federation) kung ang rating of ay 2300 o magkakampeon sa Asia Youth Chess Championship.

Ang kampanya ni Gladimir Chester sa Thailand chess ay suportado ng National Chess Federation of the Philippines at ng Philippine Sports Commission.

Si Gladimir Chester ay inaasahan darating sa bansa ngayun Linggo at inaasahang paparangalan ni Tanauan City, Batangas mayor Mary Angeline "Sweet" Y. Halili dahil sa panibagong tagumpay at karangalan na naiambag sa bansa. **(Marlon Bernardino)**

Maribao naghari sa Tarlac open chessfest

TARLAC CITY---Pinagharian ni Alexis Emil Maribao ng Quezon City ang katatapos na 1st Angel's Cup 2200 and Below Open Chess Tournament na ginanap sa Metro Town Mall dito nitong Linggo.

Si Maribao na ipinagmamalaki ng Novelty Chess Club ay naka kolekta ng 6.5 points mula six wins at draw para magkampeon sa seven round tournament.

Nangibabaw naman si Michael Concio Jr. ng Dasmariñas City, Cavite sa apat na manlalaro na nakalikom din ng 6.0 points na kinabibilangan nina Aljie Cantonjos ng Gingoog City, Godfrey Villamor ng Manila at Dandel Fernandez ng Quezon City via superior tiebreaks.

Tumapos si Concio ng second habang nalagay naman sina Cantonjos, Villamor at Fernandez sa third, fourth at fifth, ayon sa pagkakasunod.

Magkasalo naman sina National Master Romeo Alcodia ng San Manuel, Tarlac, Arena Grandmaster Almarion Marlon Bernardino Jr. at Mark Christian Rodrigo ng Quezon City sa sixth hanggang eight place na may tig 5.5 points habang nakapagkamada naman ng 5.0 pointers sina Jan Francis Mirano ng Aklan, Jhulo Goloran ng Meycauayan Bulacan, Ricardo Batcho ng Quezon City, Roberto Halili ng Mabalacat, Pampanga, Marc Francis Balanay ng Baguio City, Sidney Moniko Plastina ng Asingan, Pangasinan at Christian Huavas ng Las Piñas para makapasok sa top 15 sa Swiss System format chessfest.

Ang mga hinirang na category winners ay sina Marc Francis Balanay ng Baguio City (top College), Sidney Moniko Plastina ng Asingan, Pangasinan (top high school), Elijah Gabriel Santiago ng Balagtas, Bulacan (top elementary), Fide Master Antonio Molina ng Angeles City, Pampanga (top senior), Mark Noah Ventayen ng Lingayen, Pangasinan (top kiddies) at Melizah Ruth Carreon ng Tarlac City (top lady).

Lahat ng nagwagi ay nakatangap ng cash prizes sa torneong ito na suportado ni Tarlac City mayor Crispy Angeles na magkatuwang na inorganisa nina Mr. Jesus Tayag at Mr. Arnold Soliman ng Tarlac City Chess Club na pinangasiwaan naman nina national arbiters Edward Serrano at Ronald Llavanos ng Chess Arbiter Union of the Philippines. **(Marlon Bernardino)**



PSC CHAIRMAN - NAGPAHAYAG ng kagalakan si PSC Chairman CDM William Ramirez kaugnay ng kanyang paniniwala na magiging matagumpay ang nalalapit na malaking okasyon kung saan ay nilagdaan nila ang Tripartite Memorandum of Agreement (MOA) para sa hosting ng 30th SEA Games kasama sina POC President Cong. Abraham Tolentino at Ramon Suzara PHISGOC Chief Executive Officer ng ganapin pagpupulong sa PSC Conference room. **(RGN)**



PBA BEST PLAYER OF THE CONFERENCE - PINARANGALAN bilang Best Player of the Conference si Jayson Castro Talk N Text makaraang tanggapin ang award mula kay PBA Commissioner Willie Marcial. **(RGN)**



MUAYTHAI, DART, BOXING - MAKIKITA sa larawan mga naka upo mga panauhin na sina Pearl Managuilod Muaythai dating Muaythai fighters at kasalukuyan ngaun Secretary General, Bebang Ortega Dart Champion at Female Boxer Josie Gabuco at TOPS President Ed Andaya kabilang ang mga opisyal nito sa ginanap na 35th Edition TOPS Usapang Sports sa NPC Intramuros Manila



NCAA EAC vs MAPUA - NAKAWALA ang bola mula kay EAC forward Philip Tampoc habang nakisabay sa pag agaw ng bola si Christian Bunag ng Mapua University sa mahigpit na laban nila sa 2019 Season 95 NCAA Seniors Basketball sa Fil Oil Flying V Arena San Juan City. **(RGN)**



PVL CHOCO MUCHO VS BALIPURE - NAKUHANG mablock ni Choco Mucho dependers Mae Tolentino ang pag spike ng katunggaling si Menchie Tubiera ng Balipure sa maaksyong tagpo nila sa PVL Premier Volleyball League Open Conference 2019 Preliminaries sa Fil Oil Flying V Arena San Juan City. **(RGN)**

RIDER, NAPERDER SA DROGA SA LISENSIYA

HINDI na nakapalag pa nang arestuhin ang isang 41-anyos na motorcycle rider na unang sinita dahil sa hindi nito pagsusuo ng helmet nang malaglag ang sachet ng shabu sa kanyang drive's license sa Bacoor City, Cavite.

Nakakulong sa Bacoor City Custodial Center ang suspek na si Choody Cruz, binata, walang trabaho, ng 16 Medicion 2B, Imus City, Cavite.

Sa ulat ni Corporal Christian Jovita, ng Bacoor City Police Station, dakong alas-3:00 ng hapon nang parahin ng Bacoor CPS ang

minamanehong motorisklo ng suspek habang binabagtas ang kahabaan ng Tirona Highway, Brgy Habay 2, Bacoor City dahil sa hindi nito pagsusuo ng helmet.

Nang sitahin ito, iniabot nito sa awtoridad ang kanyang driver's license nang nahulog ang sachet ng hinihinalang shabu na tumitimbang ng 0.8 gramo na may street value na P800, dahilan upang arestuhin.

Paglabag sa Sec. 11 ng RA 9165 ang isinampang kaso laban sa suspek. **GENE ADSUARA**

Pamangkin dedo, tinubo ng tiyuhin

NASAWI ang isang lalaki nang tubuhin ng kanyang tiyuhin dahil sa naungkat na pagnanakaw sa Imus City, Cavite.

Sa loob miismo ng bahay ng tiyuhin namatay ang biktimgang si Felipe Bobis, may-asawa, walang trabaho, ng Brgy Bulihan, Silang, Cavite dahil sa tinamong palo ng tubo sa ulo ng suspek na si Jaime Laureles y Bobis, 50, may-asawa, driver, ng Block 16 Lot 3 Regal Homes, Brgy Alapan 1-A, Imus City, Cavite.

Sa ulat ni Corporal Jessie Villanueva, ng Imus City Police Station, masaya umanong nag-iinuman ang magtiyuhin sa loob ng bahay ng suspek matapos ang matagal na

panahon ay dinalaw siya ng kanyang pamangkin.

Inabot ng hanggang alas-11:00 ng gabi ang kanilang inuman nang sa kalagitnaan ng kanilang kuwentuhan ay naungkat ng suspek ang ginawang pagnanakaw sa kanya ng biktimga.

Napahiya ang biktimga kaya nauwi sa mainitang pagtatalo hanggang sa humantong sa palitan ng maaanghang na salita hanggang sa kumuha ng tubo ang suspek at pinalo sa ulo ng kanyang pamangkin na nagresulta sa kanyang agarang kamatayan.

Naaresto naman ang suspek sa isinagawang follow up operation ng pulisya. **GENE ADSUARA**

Estudyante, nilamon ng alon

MINALAS na nasawi ang isang 20-anyos na estudyante na kasama sa outing nang tangayin ng malakas na alon at mapadpad sa malayong lugar ang katawan nito sa Tanza, Cavite.

Dakong alas-7:30 ng umaga nang natagpuan ang bangkay ng biktimga na si Jhon Leo Velasco, ng Brgy Inocencio Regina Ville 2000, Purok 1 Block 3 lot 6 Trece Martires City, Cavite. Sa ulat ni Corporal Bernard Peligro, ng Tanza Municipal Police Station, nagkayayaan ang biktimga at mga kaibigan nito na mag-outing sa La Playa Beach Resort sa Brgy Calibuyo, Tanza, Cavite.

Nauna rito, naisipan ng biktimga at barkada nito na maligo sa dagat sa nasabing resport nang

tangayin sila ng malakas na alon hanggang sa hindi na nakita ang katawan ni Velasco.

Nagsagawa naman ng search ang resuce operation ang mga miembro ng Cavite Maritime Police at Tanza Bantay Dalampasigan subalit hindi natagpuan ang katawan ng biktimga hanggang sa nabalitaan na isang bangkay ng lalaki ang natagpuang nakalutang sa dagat na sakop ng Starfish Resort sa Brgy Amaya 1, Tanza, Cavite kung saan nakumpirma ang bangkay ni Veloso.

"Apat silang lumalangoy doon sa lugar pero mabilis na tinangay ang biktimga at hindi rin nasagip lahat ng lifeguard," ayon kay Peligro. **GENE ADSUARA**

Magkapatid, dakip sa buy bust

TALIWAS sa ilang insidente ng buy bust operation ng kapulisan na napapatay ang suspek sa engkuwentro matapos umano silang manlaban, masuwerte namang sa binti lamang tinamaan ng bala ang babaeng suspek habang naaresto ang utol nito pero nakatakas ang isa sa Imus City, Cavite.

Naka-hospital arrest sa Ospital ng Imus ang suspek na si Catherine de Guzman, alias Kate, dalaga, dahil sa tama ng bala sa binti habang arestado ang kasamang utol nito na si Jayson de Guzman, 25, construction worker, kapwa residente ng Tanzang Luma 5, Imus City.

Sinusulat ito ay pinaghanap naman ng pulisya ang isa pa nilang kasabwat na si alias Bulabaog na nakatakas sa operasyon. Sa ulat ni Corporal Mark Joseph Jader, ng Imus City Police Station, dakong alas-5:25 ng hapon

nang nagsagawa ng buy bust operation ang mga elemento ng Imus CPS at PDEA Cavite sa Brgy Tanzang Luma 5, Imus City, kung saan target ang mga suspek.

Nagkaroon ng transaksion sa pagitan ng mga suspek at poseur buyer na si Corporal Zosimo Asido, Jr.

Sa kalagitnaan ng "bentahan" ay naramdaman ng mga ito na pulis ang kanilang kaharap dahil upang pumalag sila at agad na pinaputukan ni alias Bulabaog ang mga pulis kung saan tinamaan si Asido sa kaliwang kamay habang sa binti umano si Kate.

Dito sinamantala ng tatlong suspek na magpulasan subalit naaresto ang magkapatid na De Guzman habang nakatakas si alias Bulabog. Narekober sa kanilang pag-iingat ang 5 sachet ng hinihinalang shabu at buy bust money. **GENE ADSUARA**

Driver ng motor tepok, 2 angkas sugatan

NASAWI ang isang motorcycle rider habang sugatan ang dalawang angkas nito nang salpuhin ng kanilang motorsiklo ang isang nakaparadang baby bus sa Rosario, Cavite

Namatay habang ginagamot sa Divine Grace Hospital ang biktimgang si Dodge Crisostomo, 47, binata, habang inoobserbahan ang mga angkas nitong sina Jericho Gozales, 28, binata; at Bernaldo Villaruel III, 30, binata, pawang residente ng Brgy Ligton 3, Rosario dahil sa tinamong mga sugat sa katawan.

Sa ulat ni Corporal Lynard Pareja, ng Rosario Municipal Police Station, dakong alas-11:25 ng gabi nang naganap ang insidente kung saan binabagtas ng tatlo ang kahabaan ng Brgy Bagbag 2, Rosario sakay ng isang Yanaha Aerox 150 na motorsiklo at minamaneho ng nasawing biktimga nang pagsapit sa Marseilla Road sa direksiyon ng

Rosario town proper nang salpuhin nila ang isang nakaparadang baby bus sa gilid ng kalsada.


Dahil sa malakas na pagkakasalpok, tumilapon ang tatlo kung saan pawang nagtamo ng sugat kaya isinugod sa ospital subalit idineklang dead on arrival si Crisostomo.

Ang tatlo ay pawang naka-inum at walang mga suot na helmet sa ulo habang nakamotorsiklo. **GENE ADSUARA**

HANEP

Basahin Mo Ito!

KALIBRE



ROMY SANTOS
0977-7844136

Sampung beses mag-isip bago magdemanda

HABANG binabasa ko ang isa sa mga news story ng masipag nating mamahayag ay biglang bumalik sa akin ang isang alaala.

Tungkol sa tatlong sakay ng isang single motorcycle na sumalpok sa nakaparadang baby bus sa Rosario, Cavite.

Pawang nasa impluwensiya ng alak at mga walang suot na helmet ang tatlo.

Ganitung-ganito ang nangyari noon, ang aking single motorcycle ay nakaparada nang biglang banggain ng isang motorsiklo na tatlo ang nakasakay na wala ring mga helmet na suot at mga nakainom ng alak sa Kawit.

Ang pagkakaiba lamang, iyong tatlo na nakasagi sa aking motor ay sugatan lamang pero iyong sa Rosario ay dalawa lamang ang nasugatan dahil ang mismong nagmamaneho ay namatay.

Suwerte nga ang tatlong iyon dahil hindi na ako nagsampa pa ng kaso

laban sa kanila.

Bukod pa roon ay hindi rin ako humingi ng ano mang danyos na napinsala nila sa aking single motorcycle.

Madaling magsampa ng kaso lalo at sa mga oras na iyon ay panalungpanalo ako sa asunto dahil ako ang nasa tama.

Mas madali rin humingi ng pera o danyos dahil talaga namang mayroong nasira sa aking motorsiklo.

Pero hindi ko na ginawa bagkus ay nagbigay na lamang ako ng pangaral sa tatlong iyon lalo na roon sa nagmamaneho.

Ako ang nasa tama at ako ang argabyado pero hindi ako naghayag dahil ang pagsasampa ng kaso ay dapat pinag-iisipang mabuti.

Nakakapagtaka nga lamang bakit may nagd-edemanda na tila hindi muna makasampung ulit na pinag-iisipan bago magkaso.

Anong masasabi mo Pareng Rudy B.? Tama ba?

Tricycle driver tigbak sa van

NASAWI ang isang 55-anyos na driver nang salpuhin ang minamaneho niyang tricycle ng isang L300 van sa isang intersection sa Carmona, Cavite.

Namatay habang ginagamot sa Carmona Hospital Medical Center ang biktimgang si Bernardino Tenedero, ng 10361 Brgy. Cabilang Baybay Carmona.

Hawak ng Carmona police ang driver ng isang ku-

lay puting Mitsubishi L300 van na may conduction sticker na B3 B855 na si Stephen Malayon, 40, ng Brgy Veterans, Bagong Silangan, Quezon City.

Sa ulat ni Corporal Emerson Busto, ng Carmona Municipal Police Station, dakong alas-8:05 ng umaga nang naganap ang insidente sa kahabaan ng Governor's Drive sa Brgy Cabilang Baybay, Carmona kung saan patungo sa

Carmona Town proper ang kapwa driver.

Minamaneho ng biktimga ang kanyang kulay pulang tricycle at pagsapit sa nasabing intersection nang salpuhin ng minamanehong Mitsubishi L300 ng suspek.

Mabilis umano ang pagpapatakbo ng driver ng van kaya hindi na nito nagawang pigilin pa ang preno ng kanyang sasakyan. **GENE ADSUARA**